Republic of the Philippines
Department of Education
National Capital Region
SCHOOLS DIVISION OFFICE
CITY OF MUNTINLUPA

DepEd Muntinlupa Advisory No 009, s. 2017
January 9, 2017

In compliance with DepEd Order No. 8 s. 2013 this advisory is issued for the information of DepEd officials, personnel/staff as well as the concerned public.

DepEd - MUNTINLUPA
RELEASED
DATE 1/12/17

Kalakip nito ang DepEd Advisory Blg. 02, s. 2017 na may petsang Enero 4, 2017 na may paksang: **PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO,** para sa impormasyon at patnubay ng mga kinauukulan.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption of classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9 s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

MAURO C. DE GULAN, Ed.D
Pansangay na Tagapamanihala

DepEd Advisory No. 02, s. 2017
January 4, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng Araw ni Balagtas at Buwan ng Panitikan ng Filipinas. Bahagi ng pagdiriwang na ito ay ang pagdaraos ng *Pambansang Kampo Balagtas*, isang kumperensiya ng mga kabataang manunulat ng tula at sanaysay na gaganapin mula ika-31 ng Marso hanggang ika-2 ng Abril 2017 sa Orion Elementary School, Orion, Bataan. Ito ay alinsunod sa itinakda ng Proklamasyon Blg. 964.

Ang layunin ng Kumperensiya ay ang mga sumusunod:

1. Magsagawa ng mga aktibidad na makatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
2. Kilalanin ang husay ng mga mag-aaral sa malikhaing pagsulat sa wikang Filipino;
3. Kilalanin ang mga diyaryong pangkampus na nagpapakita ng kahusayan at pagpapahalaga sa paggamit ng wikang Filipino;
4. Hikayatin ang mga mag-aaral na patuloy na pahalagahan ang mga hiyas ng panulat ni Francisco "Balagtas" Baltazar; at
5. Makapagbigay ng kaalaman hinggil sa pagtuturo ng panitikan at malikhaing pagsulat sa mga tagapagsanay ng mapipiling mag-aaral.

Ang Kumperensiya ay bukas sa lahat ng mga mag-aaral sa sekundarya na kasapi at nakapaglathala na sa diyaryong pang-estudyante ng paaralan. Hindi maaaring sumali ang mga kamag-anak ng mga kawani ng KWF.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- G. John Enrico C. Torralba
- G. Roy Rene S. Cagalingan

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/P, Gusaling Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel
San Miguel, Maynila 1005
Telepono: (02) 736-2519
Email: komisyonsawikangfilipino@gmail.com

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED
DATE 1/5/17
TIME 10:37
CITY OF MUNTINLUPA

RETURN TO CLMD

Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
KAGAWARAN NG EDUKASYON
(DEPARTMENT OF EDUCATION)
PAMBANSANG PUNONG REHIYON
(NATIONAL CAPITAL REGION)
Daang Misamis, Bago Bantay, Lungsod Quezon
(Misamis St., Bago Bantay, Quezon City)

Department of Education
National Capital Region
RECORDS AND PUBLICATION UNIT
RELEASED
By:
Date: 04 JAN 2017 Time: 4:00

9

3 Enero 2017

Sa mga: **Tagapamanihala ng mga Paaralan**

Mahal na Sir/Ma'am:

Kalakip ang kalatas na nilagdaan ni National Artist **VIRGILIO S. ALMARIO,** Tagapangulo ng Komisyon sa Wikang Filipino, na may petsang 14 Disyembre 2016 tungkol sa Pambansang Kampo Balagtas 2017 na mangyayari mula 31 Marso-2 Abril 2017 sa Orion Elementary School, Orion Bataan kaugnay ng pagdiriwang ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng Araw ni Balagtas na may temang Balagtas: Bayani, para sa impormasyon ng lahat.

Sumasainyo,

PONCIANO A. MENGUITO
Direktor IV

DIVISION OF CITY SCHOOLS
RECEIVED
DATE 1/9/17
TIME 8:42AM
CITY OF MUNTINLUPA

Rehiyunal na Liham Blg. 001
CLMD/MGGT

Republika ng Filipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

14 Disyembre 2016

KGG. PONCIANO A. MENGUITO
Direktor, NCR
Kagawaran ng Edukasyon
Kalye Misamis, Bago Bantay
Lungsod Quezon

Mahal na Direktor Menguito:

Pagbati mula sa KWF!

Magalang naming hinihiling na magpadala kayo ng mga aplikasyon sa Pambansang Kampo Balagtas 2017 na mangyayari mula 31 Marso–2 Abril 2017 sa Orion Elementary School, Orion, Bataan.

Ang Kampo Balagtas ay bahagi ng pagdiriwang ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ng Araw ni Balagtas na ginugunita tuwing 2 Abril taon-taon. Ang tema ng pagdiriwang sa taong 2017 ay Balagtas: Bayani. Layunin ng kumperensiya na turuan at sanayin sa malikhaing pagsulat ang mga mapipiling kabataang manunulat bilang panghihikayat sa kanila na makibahagi sa patuloy na pagpapaunlad at pagpapayaman ng panitikan ng bansa.

Bukod sa mga mag-aaral, magkakaroon din ng mga natatanging panayam at palihan para sa mga tagapayo ng pahayagan ng mga napiling mag-aaral.

Maaaring magpasa hanggang 15 Enero 2017. Kalakip ng liham na ito ang tuntunin para sa Kampo Balagtas 2017. Para sa mga tanong o kumpirmasyon, maaaring makipag-ugnayan kay John Enrico C. Torralba o Roy Rene S. Cagalingan sa 736-2519, o magpadala ng email sa komisyonsawikangfilipino@gmail.com.

Maraming salamat sa patuloy na pakikiisa at tangkilik sa mga gawaing pangwika ng Komisyon sa Wikang Filipino.

Sumasainyo,

Virgilio S. Almario

VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist
Tagapangulo

Gusali Watson, 1610 Kalye Jose P. Laurel, Malacañang, San Miguel, Maynila
(02) 733-7260; (02) 516-0326; (02) 736-2519 | www.kwf.gov.ph | komfil.gov@gmail.com

Tawag para sa mga kalahok ng Pambansang Kampo Balagtas 2017

1. Tatanggap ng mga lahok mula Grade 7–11 sa buong Filipinas sa gagawing Pambansang Kampo Balagtas 2017 mula 31 Marso–2 Abril 2017 sa Orion Elementary School, Orion, Bataan.

2. Kinakailangang magsumite ang kalahok ng portfolio ng tatlo hanggang limang (3–5) na akda—gaya ng tula, maikling kuwento, sanaysay, at/o dula— na nailimbag sa pahayagang pampaaralan o magasin, diyaryo, at iba pang lathalain sa huling dalawang taon (2015-2016).

3. Ang mga kopya ng akdang ipapásа ay ilalakip sa isang legal size brown envelope kasama ang mga sumusunod: pormularyo ng paglahok at rekomendasyon mula sa prinsipal o adviser ng publikasyon.

4. Ang huling araw ng pagpapasa ay 31 Enero 2017. Maaaring ipadala ang mga lahok sa:

   Lupon ng Pambansang Kampo Balagtas 2017
   Watson Building, 1610 J.P. Laurel St.
   Malacañang Complex, San Miguel, Manila

   Maaari ring ipadala ang mga lahok sa komisyonsawikangfilipino@gmail.com. Sunding ang format na (Pangalan ng Kalahok_Kampo Balagtas 2017) sa subject line.

5. Ilalabas ang anunsiyo sa kwf.gov.ph sa 15 Pebrero 2017. Sasagutin ng KWF ang lahat ng gagastusin ng kalahok kabilang ang transportasyon, akomodasyon, at pagkain.

6. Ang mga mapipiling kalahok ay sasailalim sa tatlong (3) araw na pagsasanay at patimpalak sa ilalim ng mga manunulat at edukador. Bahagi ang kampo sa pagdiriwang ika-228 anibersaryo ng kapanganakan ni Francisco "Balagtas" Baltazar at ng Buwan ng Panitikang Filipino batay sa Proklamasyon 968.

PAMBANSANG KAMPO BALAGTAS 2017

PORMULARYOSAPAGLAHOK

MgaKailangangisumitesaTimpalak:

- ☐ Tatlong(3)kopya ng pahayagang pang-estudyante o iniscan na kopya
- ☐ Opisyal na Pormularyo ng Paglahok
- ☐ Rekomendasyon ng adviser ng publikasyon

PAMAGAT NG MGA LIKHA AT PETSA NG PAGKAKALIMBAG	PANGALAN NG PAHAYAGANG PANG-ESTUDYANTE	LAHOK BLG.
PANGALAN NG KALAHOK APELYIDO UNA GITNA		PETSA NG KAPANGANAKAN
TIRAHAN/ADRES	TELEPONO BLG. LANDLINE AT/O MOBILE	
PAARALAN AT BAITANG		
PANGALAN AT KATUNGKULAN NG NAGREKOMENDA		

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
Gusaling Watson, Kalye J.P.Laurel, SanMiguel, Manila
Tel.Blg.736-2519•736-0315•736-2521
komisyonsawikangfilipino@gmail.com
www.kwf.gov.ph

NAKALIMBAG NA PANGALAN AT LAGDA
NG LUMAHOK

NAKALIMBAGNA PANGALAN AT LAGDA NG
NAGREKOMENDA MULA SA PAARALAN NG KALAHOK

PETSANG PAGSUMITE_____